Napagwagian ng kabayong si Pangalusian Island na sinakyan ng hineteng si Deo Fernandez ang ginanap na 3rd "Henry Cojuangco Cup". Ang nasabing kabayo ay pagmamay-ari ni Ginoong Wilbert T. Tan at kinondisyon naman ni Trainer Arthur Sagun. Sa naganap na labanan nila ay halos nakahawig din sa naunang tampok na pakarera, subalit ang panalo ni Pangalusian Island ay nanggaling pa sa pangalawa sa hulihan at nung sinimulang galawan ni Deo bago dumating sa tres oktabos (600 meters) ay halos kasabayan silang nagpakawala nung naliyamadong si Lemon Drop Title ni Oneal Cortez. Sa parteng iyan ng takbuhan ay naging maagap at matinding naisingit ni Deo si Pangalusian Island sa pagitan ng dalawang kalaban sa kanilang kaliwa't - kanan, Kaya nung makalusot ay kumamot na ng husto si kabayo at nagtuloy - tuloy mula sa ika- anim na puwesto habang nasa harapan pa nila sina Salt And Pepper, Sepfourteen, Anino, Certain To Win at ang nakasabayan ngang si Lemon Drop Title. Pagdating sa huling kurbahan ay may tatlong kabayong agwat na ang nasa unahang si Salt And Pepper kasunod sina Sepfourteen at ang dehadong si Certain To Win, sabay biglaang sungaw sa ika- apat na puwesto sa kalabas - labasan si Pangalusian Island na patuloy na inaayudahan ni Deo. Papasok sa huling 100 meters ay nakaramdam na ng pagod ang bumanderang si Salt And Pepper na sumiksik na sa may tabing balya, kaya nagkaroon ng malaking pagkakataon iyong tatlong kalaban na dumarating sa labas. Sa loob ng huling 75 o 50 meters ay mas naging kapana- panabik ang palitan ng mga palo at ayudahan, subalit sa sobrang lakas ng pag remate ni Pangalusian Island ay naungusan niya ang nasa gitnang si Certain To Win at nasa loob na si Sepfourteen. Para sa kumpletong datingan mula ikaapat ay sina Gomper Girl, Salt And Pepper, Mandatum, Lemon Drop Title, Electric Truth, War Dancer, Anino at Sooner Time. Nakapagtala ang tampok na pakarerang iyan ng 1:50.2 (10'-23'-24'-25'-27') para sa distansiyang 1,750 meters.

# Dahil sa tagtuyot, Puerto Princesa, nagdeklara ng 'state of calamity'

**PUERTO PRINCESA, Palawan (PIA)** — Umabot sa13,089 na mga residente ng Puerto Princesa o katumbas ng 65,445 indibiduwal mula sa 21 barangay ang lubhang apektado ng 'Water Crisis Alert Level 3' dahil sa tagtuyot.

Ang naturang bilang ay katumbas naman ng 26 na porsiyento ng populasyon ng siyudad, na siyang dahilan ng Sangguniang Panlungsod upang magpasa ng resolusyon na nagdedeklara ng 'state of calamity'.

Ito ay kasunod ng naging rekomendasyon ng City Disaster Risk Reduction Management Council (CDRRMC) bunga na rin ng kahilingan ng Puerto Princesa City Water District (PPCWD) bunsod ng nararanasang krisis sa tubig.

Nilalayon din ng pagsasailalim sa nasabing estado na mapadali ang proseso ng pagsasagawa ng "cloudseeding" sa bahagi ng Campo Uno Dam sa Barangay Irawan sapagkat ayon sa pamunuan ng PPCWD ang hakbanging ito ay makatutulong sa pagbili ng iba pang mga kakailanganin para rito upang madagdagan ang suplay ng tubig sa pinanggagalingan nito.

Samantala, 30% mula sa pondo sa kalamidad ng siyudad ang gagamitin bilang ayuda sa PPCWD.

Sa ulat naman ng City Agriculture Office, umaabot sa 10 barangay ang naapektuhan ng tagtuyot na nagdulot ng pinsala sa mga pananim.

Ayon kay Enera Tuibeo, assistant city agriculturist, may kabuoang 5,768,088 ang nawala sa produksyong pang agrikultura ng lungsod mula noong Enero hanggang Abril dahil sa tagtuyot na nararanasan.

Base sa rekomendasyon ng CDRRMC, tatlo sa limang kondisyon ang pinagbatayan sa pagdedeklara ng nasa katayuang kalamidad. Kabilang na dito ang mahigit 20 porsiyento ng populasyon ang apektado, malawakang pagkasira ng mga pananim, at ang matinding epekto sa suplay ng tubig sa siyudad na nagdulot ng krisis. **(LBD/PIA-MIMAROPA-Palawan)**

# 92-anyos na lolo, nagbaril sa sarili

HINIHINALANG dahil sa matinding depresyon kaya nagbaril sa sarili ang isang 92-anyos na retired Architect sa loob ng kanilang bahay sa Alfonso, Cavite.

Kinilala ang biktima na si Celso, Tuazon, ng Lot 4 Block 33 Eisenhower, Royale Tagaytay Estate Subd., Alfonso.

Sa ulat ni PSSgt Boyet Soriano, ng Alfonso Municipal Police Station, dakong alas -6:20 ng gabi nang utusan ng biktima ang kanyang house boy na si Exequiel Selfedis, Jr. na kunin ang isang kahon at matapos iabot ay umalis na subalit ilang sandali pa ay nakarinig ito ng putok ng baril na nagmula sa kuwarto ng biktima.

Pinuntahan ni Selfedis ang kuwarto subalit sinabihan siya ng biktima na tini-testing lang ang baril kaya umalis din ito.

Nakalipas ang ilang minuto, muling nakarinig ng putok ng baril ang houseboy pero binalewala na lamang niya ito, pero nakalipas ang ilang minuto ay kinutuban ang huli kaya sinilip niya ang biktima sa kuwarto na nakitang nakahiga subalit inisip niyang natutulog lamang ito.

Gayunman, hindi mapakali ang houseboy kaya nag-text ito sa kapatid ng biktima at ikinuweto ang pangyayari.

Kaya sumugod ang kapatid ng biktima dakong alas-11:30 ng gabi at natuklasang wala ng buhay ang biktima.

Narekober sa tabi ng biktima ang isang kalibre 22 na may dalawang basyo at apat na bala.

Nang nalaman ng houseboy ang pagkamatay ng kanyang amo ay inatake ito sa puso at isinugod sa Tagaytay Hospital kung saan siya ginagamot.

"Nakonsensiya daw yung houseboy nang nalaman niyang nagpakamatay ang kanyang amo dahil siya ang nag-abot ng kahon na baril ang laman," ayon kay Soriano.

Matinding depresyon ang nakikitang motibo sa pagpapakamtay ng biktima gayunman, inaalam din kung may naganap na foul play. GENE ADSUARA

HANEP SHOWBIZ

# PUSO NI HEART EVANGELISTA, WALANG SIDLAN ANG KASIYAHAN



**NAG-UUMAPAW at talagang walang pagsidlan ang nararamdamang kasiyahan ni Heart Evangelista.**

Naman…naman… because sa landslide victory na natamo ng kanyang humble husband na si Senator Francis "Chiz" Escudero.

Tumakbong gobernador ang esposo ni Heart sa Sorsogon sa ilalim ng Nationalist People's Coalition.

Pinakamataas na bilang ng mga boto na 303,960 ang natamo ni Chiz kumpara sa nakatunggaling si Bladi Frivaldo.

Si Frivaldo ay sa ilalim ng Partido Demokratiko Pilipino–Lakas ng Bayan at nakakuha lamang ng 31,867 votes.

Ito ay batay sa election returns mula sa 768 clustered precincts at nakakuha naman ng tig-2,000 boto ang tatlo pang ibang kandidato.

Sa katapusan ng Hunyo ay magtatapos na rin ang termino ni Escudero bilang senador at haharap na siya sa panibagong paglilingkod at ito ay sa naturang lalawigan.

Ikaw man si Heart ay malamang walang pagsidlan ang kasiyahan sa iyong puso.

Kung gaano kaepektibo ang panunungkulan ni Chiz sa mahabang panahon sa Senado ay tiyak na epektibo siyang magiging ama ng Sorsogon.

Gudlak Gov. Chiz.

Congrtas din pala sa mga nasa industriyang pinalad sa katatapos na halalan.

Kay Vilma Santos na muling mauupo sa Kongreso ng Lipa City at Angelica Jones bilang bokal sa unang distrito ng Laguna.

Sa mag-asawang Richard Gomez at Lucy-Torres Gomez na mayor at kongresista sa Ormoc City ayon sa pagkakasunod.

Si Imelda Papin bilang vice governor ng Camarines Sur at Jhong Hilario na uupo sa konseho ng Makati City.

Ang mag-inang Revilla ng Cavite, si Jolo bilang vice governor at ina muli ng Bacoor City si Lani Mercado.



# "Tanim sa Tiyan"

Nobela ni
Ate Josie

**(1)**

**"CONGRATS"**

Pagkatapos ng graduation ay kabi-kabila ang pagbabatian ng mga magkakaeskuwela o ng mga kapwa nagsipagtapos.

"Basta 'mamyang gabi eh 'dun tayo sa bahay nila Allan ah."

Ang isang section ay mayroong inihandang party o selebrayon para sa kanilang graduation.

"Ano bang course ang kukunin ninyo? Ako kasi business education."

Graduate sila ng high school kaya sa kanilang party ay kanya-kanyang tanong kung anong kurso ang kukunin sa kolehiyo.

"Ako walang kurso kasi 'di naman ako makakapag-college eh."

"Dito nga sa party natin eh wala akong naiambag kasi alam naman n'yong poor lang kami."

Hindi pa man sumasapit ang mismong graduation day ay napagkasunduan na ng magkakaklase ang kanilang party.

Ambagan sila sa gastos para sa handa at inumin pero isa si Alex sa hindi nakapagbigay ng pera.

Naiintindihan naman ng magkakaeskuwela ang kalagayan ni Alex.

Ang mahalaga lamang sa kanila ay makarating si Alex sa party kahit walang kontribusyong pera.

"Kung magkokolehiyo man ako eh malamang sa UP ako papasok."

"UP…yupian ng lata."

Kahit ganoon kasi si Alex ay masayang kasama dahil likas na palabiro.

"Ako eh gusto kong maging pulis kaya criminology ang kursong kukunin ko."

Si Allan ay malapit o close kay Alex, mas madalas ay silang dalawa ang magkasama.

"Tamang-tama 'di ba, 'pag pulis na si Allan eh siya na ang huhuli sa akin."

"Kasi baka maging kilabot na holdaper ako."

Tawanan ang magkakaeskuwela sa ginawang pagbibiro na iyon ni Alex.

Iba-ibang kurso ang nais ng mga magkakaklase sa pagpasok nila sa kolehiyo.

"Ako baka kagaya ni Alex, siguro 'di rin ako makakapag-college."

Mayroon din na hindi pa sigurado kung makakapagkolehiyo nga.

**(Itutuloy)**




**(Ika-9 labas)**

**NAKAPUKAW** ng pansin kay Bernie ang tinig ng isang magandang babae.

"Ang ganda-ganda talaga nito, tiyak ko na napakamahal nito. Akin ba talaga ito?"

Hindi pinagsasawaang pagmasdan ni Bernie ang babae na halos kaedad lamang niya.

Mayroong kasamang lalake ang babae na sa pagkakatingin ni Bernie ay kaedad naman ni Cecile.

Makisig ang lalake at kahit medyo may edad na ay lutang pa rin ang kagwapuhan.

Naninilaw ang buong katawan dahil sa mga gintong alahas na suot.

Hawak pa rin ng babae ang gintong pulseras at pagkaraan ay tumayo.

Lumapit ang babae at hinalikan ang lalake pero hindi nakita ni Bernie kung saan humalik.

Hindi sigurado si Bernie kung ang babae ba ay sa noo o sa pisngi humalik sa lalake.

"Excuse po."

Ang pagkukuwentuhan ng dalawa ay natigil dahil dumating na ang kanilang order.

"Okey na ito."

Tinanong ng serbidora kung okey na ang mga naorder at sumagot naman ang lalake na kumpleto na.

Kahit kumakain na ang dalawa ay sige pa rin si Bernie sa pagtingin sa babae.

"Madalas ang mga 'yan dito, suki na rin sila rito sa 'restoran ng auntie mo."

Hindi nakatiis si Bernie at kinausap ang kahera ng 'restoran.

Nagtanong subalit ang naisagot lamang sa mga tanong ni Bernie ay suki nga ng 'restoran ang dalawa.

"Ang lambing ng babae sa tatay niya."

Nagsasalita si Bernie pero hindi naman siya pinapansin at sinasagot ng kahera.

"Ah oo, madalas dito 'yun. Mabait 'yung lalake at galante pa kasi malaki mag-tip."

Nakaalis na ang dalawa kaya ang serbidora na lamang ang tinanong ni Bernie.

"Iba-iba ang ibinibigay ng lalake sa babae, minsan alahas pero mas madalas ay pera."

"Hula ko lang ay anak sa labas ng lalake ang babae na 'yun kaya rito sila sa 'restoran nagkikita."

"Dito sila nagkikita para mabigyan ng lalake ang anak niya ng allowance o ibang gamit."

May pagkatsismosa ang kahera at kung anu-ano ang mga ikinukuwento kay Bernie.

"Madalas sa akin napapatapat ang pagseserve sa mag-amang 'yun."

**(Sundan)**

# HALALAN SA CAVITE, PAYAPA

**BUKOD sa anim na katao na inaresto dahil sa pag-iinom ng alak sa bisperas ng Midterm election, sa kabuuan ay mapayapa at walang anumang insidente ng election related cases maging sa lugar na "election areas of immediate concern."**

Kabilang sa mga inaresto ay sina Rosemarie Banaag, 39, store owner, Rodel Alcanse, 26, factory worker, Jericho Antipolo, 41, factory worker at Elmer Besorio, 49, factory worker, pawang residente ng 1300 A. Brgy Tejeros Convention, Rosario, Cavite, Rodnel Munda, 33, ng 402 Marsella St., Brgy Muzon 1, Rosario, at Raymund Reyes, 34, factory worker, ng Dama De Noche Brgy Bagbag 2 Rosario.

Sa ulat ni PCpl Joey Luz Puluzan, ng Rosario Municipal Police Station, dakong alas-4:30 ng madaling araw nang nagsagawa ng operasyon ang Rosario MPS matapos na nakatanggap ng tawag na may nagaganap na inuman sa Brgy Tejeros Convention.

Nang puntahan ng pulisya, nahuli sa akto ang 4 na nag-iinuman sa tindahan ni Banaag subalit nakatakas ang isang Ruel Banaag, negosyante, na tinangay ang ilang bote ng alak.

Nakuha rin sa lugar ang ilang election paraphernalias na may pangalan si Joemel Pulido, tumakbong pagka-Mayor sa Rosario.

Naaresto rin sina Munda at Reyes na nag-iinuman sa Brgy Bagbag, Rosario dakong alas-4:55 ng madaling araw.

Samantala, sa isinagawang random check ng sa mga police station, (as of 4:00 pm) zero o walang anumang insidente ng anumang karahasan sa lugar sa Cavite maging ang 7 lugar sa Cavite na inilgay sa "election areas of immediate concern" kabilang ang Imus City, Dasmarinas City, Gen Trias City, Trece Martires City at ang mga bayan ng Kawit, Rosario at Maragondon.

Maging sa tanggapan ng Provincial Election Monitoring Assistance Center (PEMAC) na pinamumunuan ni PLtColonel Bonifacio Rosita ay wala rin silang na-monitor na anumang insidente ng vote buying o karahasan (mula sa pagbubukas ng botohan sa mga presinto ng alas-6:00 ng umaga hanggang 3:30pm) sa isinasagawang midterm election sa Cavite. **GENE ADSUARA**




Ang mga bagong halal na opisyal ng pamahalaang Lungsod ng Bacoor sa Cavite sa pangunguna nina Mayor Lani Mercado Revilla at Vice Mayor Catherine Evaristo matapos pormal na iproklama ng Commission on Elections.

# SC affirms CA ruling vs. AMWSLAI membership expansion

**MANILA —** The Supreme Court (SC) upheld a Court of Appeals (CA) decision stopping the Air Materiel Wing Savings and Loan Association, Inc. (AMWSLAI) from amending its by-laws to expand its membership base to include 24 additional agencies of the executive department.

AMWSLAI members consist of personnel of military and police personnel and their dependents.

The SC's Second Division said the appellate court did not commit any error in ruling that Regional Trial Court of Pasay City, Branch 119 (RTC) gravely abused its discretion when it granted AMWSLAI's petition for certiorari on Sept. 11, 2015 and issued a writ of preliminary injunction, preventing the Monetary Board of the Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP-MB) from implementing its June 26, 2015 denying AMSWLAI appeal to allow its expansion.

"As correctly ruled by the CA, AMWSLAI should have filed an appeal before it under Rule 43 of the Rules of Court (Rules) - and not a petition for certiorari before the RTC under Rule 65 of the same Rules - considering that the CA has appellate jurisdiction over resolutions of public respondent which are issued in the exercise of its quasi-judicial functions," the SC said.

"Accordingly, the RTC did not have jurisdiction to act on the above-mentioned certiorari petition, much more issue the ancillary writ of preliminary injunction against public respondent," it added.

In its June 29, 2018 decision by Associate Justice Maria Filomena Singh, the CA's Tenth Division granted the petition filed by the BSP-Monetary Board seeking the reversal of the Pasay RTC ruling in favor of AMWSLAI.

Under Republic Act No. 8367, otherwise known as the "Revised Non- Stock Savings and Loan Association Act of 1997," membership in Savings and Loan Associations (SLA), such as AMWSLAI must be limited to a "well-defined group."

The Monetary Board is vested with the authority to ensure that SLAs comply with this requirement.

However, in May 2014, AMWSLAI sent a letter-application to the Intergrated Supervision Department I (ISD) of the BSP for the approval of its proposed amendment to its by-laws to give way for the expansion of its membership to cover employees of 24 other agencies of the Executive Department, as well as their relatives by consanguinity and affinity. ***(PNA)***

# Calabarzon posts 7.3% economic growth for 2018

**MALVAR, Batangas (PIA)-** The economy of Calabarzon has accelerated from 6.7% in 2017 to 7.3% in 2018 based on the report conducted recently by Philippine Statistics Authority IVA at the Occassions Garden in Lima Park Hotel here.

According to PSA IVA Regional Director Charito Armonia, the acceleration was considered as the fastest in six years and was brought about by the growth of Industry and Services as well as the turn-around performance of Agriculture, Hunting, Forestry and Fishing (AHFF).

Out of the 7.3% growth, Industry remained the biggest contributor at 4.9% followed by Services with 2.4% and AHFF contributed the least with 0.03%.

Among the three major economic industries, Industry sector has the largest share at 62.3% of the region's economy followed by the Services sector with 32.9% and AHFF had the least share of 4.8%.

Compared to the report in 2017, Industry grew at a faster pace of 7.9% from 7.8% which was mainly driven by the upswing of the Manufacturing sub-industry to 8.0% from the previous 7.4%. Construction also contributed to the growth although it was recorded in 2017 to have a 15.6% growth slower than the 9.5% this year. Electricity, Gas and Water Supply posted a faster growth of 3.9% in 2018 from 3.4% in 2017. Mining and Quarrying accelerated to 3.5% in 2018 far from the 1.0% result in 2017.

Services sector expanded from 6.0 percent in 2017 to 7.1% in 2018 due to the faster growth of its sub-industries. From 8.9% in 2017 a big leap of 15.5% in 2018 was recorded on Public Administration and Defense, Compulsory Social Security. Other sub-industries which posted acceleration were Other Services with 11.0%; Financial Intermediation with 8.8%; Trade by 5.8% and Transportation, Storage and communication by 4.5%.

On the other hand, a slower growth from Real Estate, Renting and Business Activities was recorded from 6.0% in 2017 to 6.9% in 2018.

AHFF increased from 0.6% in 2017 to 0.7% in 2018 which is attributed to the growth of Agriculture and Forestry from 0.8% in 2017 to 2.7% in 2018. On the other hand, Fishing declined by negative 6.4% in 2018 from negative 5.4% in 2017. **(Bhaby P. De Castro-PIA Batangas)**

# Utol, tinarakan ni kuya

**SUGATAN** ang isang 27-anyos na lalaki nang pagsasaksakin ng kanyang nakatatandang kapatid na nagalit dahil pinapangaralan ito sa Tagaytay City.

Kinilala ang biktima na si Deody Gonzales, may-asawa, ng Purok 121, Brgy Mendez Crossing East, Tagaytay City habang naaresto naman ang kanyang kuya na si Ronaldo Gonzales, 38, kapitbahay ng biktima.

Sa ulat ni PSSgt Ryan Bascugin, ng Tagaytay City Police Station, dakong alas-9:00 ng umaga nang puntahan umano ng suspek ang kanyang nakababatang kapatid at kinompronta ito na nagkaroon ng maaanghang na salita na nauwi sa mainitang pagtatalo.

Sa galit ng suspek ay sinuntok nito ang kanyang utol saka pinagsasaksak.

Nagsumbong naman ang asawa ng biktima sa pulisya dahilan upang arestuhin ang suspek.

Ayon kay Bascugin, pinagsabihan umano ng biktima ang kanyang kuya hinggil sa umano'y naririnig nitong balita na gumagamit ng illegal na gamot ang suspek na ikinagalit nito.

Slight physical injury at grave threat ang isinampang kaso laban sa suspek na kasalukuyang nakakulong sa Tagaytay Custodial Center. **GENE ADSUARA**

# Duterte to visit Japan again this month

**MANILA —** President Rodrigo Duterte will visit Japan by the end of May to further enhance Philippine ties with the East Asian country, Malacañang said Tuesday.

Presidential Spokesperson Salvador Panelo confirmed Duterte's trip to Tokyo to reporters in a Palace briefing but has yet to confirm the exact date of his departure.

"Tinext ko si Chief Protocol Robert Borje, wala pa siyang sagot kung kailan, exact dates (I texted the Chief Protocol Robert Borje but he has not yet responded when, the exact dates)," Panelo said.

He said the invitation was brought to Manila by the representative of Prime Minister Shinzo Abe.

Earlier, Panelo bared that the President will attend the International Conference on the Future of Asia on May 30-31.

This will be Duterte's third visit to Japan since he assumed the presidency. He first visited Japan in 2016 and again in 2017.

Duterte earlier described Japan as "a true friend and proven partner" for its involvement in the Philippines' "Build, Build, Build" infrastructure program, including the construction of its first subway.

Japan has also committed to assist the Philippines in fighting terrorism and reconstructing war-torn Marawi City. ***(PNA)***

# CA STARTS HEARING ON AMPARO SUITS BY MILITANT LAWYERS

MANILA — The Court of Appeals (CA) on Tuesday held its first hearing for the petition for a writ of amparo lodged by a lawyer's group against the military, accusing the government of red-baiting.

Lawyers of the Office of the Solicitor General (OSG,) led by Assistant Solicitor General Angelita Villanueva-Miranda on the part of the government, and lawyer Rachel Pastores of the Public Interest Law Center (PILC) on the part of the petitioners, attended the hearing.

The hearing was presided over by members of the Special 15th Division led by division chairman Stephen Cruz and Associate Justices Pedro Corales and Hermano Legaspi as members.

The CA hearing was a preliminary conference to consider the possible stipulation of facts between the parties and set the dates for subsequent hearing.

The PILC, representing members of the National Union of Peoples' Lawyers, said it will present 10 witnesses to prove its case when the next hearing is held on June 4.

The OSG, meanwhile, said it will question the petitioners "locus standi" or legal standing to initiate the suit and will present five witnesses to present their side.

The CA was tasked by the Supreme Court to conduct hearings on the petition and to submit its report to the high court.

Present during the hearing were Armed Forces of the Philippines (AFP) Deputy Chief of Staff for Civil-Military Operations, Major Gen. Antonio Parlade Jr.; AFP spokesperson, Marine Brig. Gen. Edgard Arevalo; and Presidential Communications Operations Office Undersecretary Lorraine Badoy.

The government, through the National Task Force to End Local Communist Insurgency, is working to uncover organizations used as legal fronts of the terrorist Communist Party of the Philippines - New People's Army (CPP-NPA).

The CPP-NPA is listed as a terrorist organization by the United States, the European Union, the United Kingdom, Australia, Canada, New Zealand, and the Philippines. *(PNA)*

# SC orders re-arrest of 2 suspects in US Marine's death

MANILA — The Supreme Court (SC) voided the downgraded sentence of probation handed down by a Makati court against the two individuals, who ganged up on and mauled to death George Anikow, a US Marine, in a street fight seven years ago.

In a two-page resolution dated March 27, the SC First Division affirmed the decision issued by the Court of Appeals (CA) in March last year and ordered the re-arrest of Galicano Datu III and Crispin dela Paz.

Reiterating the CA's decision on the matter, the High Court said: "(T)he Regional Trial Court of Makati City Branch 59 committed grave abuse of discretion amounting to lack or excess of jurisdiction when it granted petitioner's application for probation."

Makati City Branch 59 Presiding Judge Winlove Dumayas, who erroneously granted the application for probation, had earlier been ordered dismissed from the service by the court for downgrading the penalty against the two after finding them liable only for homicide instead of murder in 2014.

"The circumstances surrounding the killing of George Anikow showed the gravity of the crime and to grant probation to the perpetrators would clearly diminish its seriousness," the SC explained.

The tribunal noted that the trial court erroneously relied on the post investigation report of the Makati City Parole and Probation Office (MCC-PO) and failed to make its own determination.

In its March 2018 decision, the CA ruled that before granting probation, the court should consider the possibility of the offender to reform, together with the demands of justice and public interest, along with other relevant circumstances.

It noted that the application for probation is an admission of guilt on the part of an accused, however, Anikow's killers stood by their innocence, which is contrary to their availment of the benefits of probation.

Furthermore, the appellate court held that probation should have not been issued by the trial court since it would depreciate the seriousness of the crime committed by the two accused.

"The evidence at the trial established that Anikow was stabbed, kicked and punched multiple times, even after he had disengaged from his attackers and unable to defend himself or retaliate, resulting in his death. The nature of the crime of homicide and the manner of its commission is undoubtedly serious," it noted.

Anikow was stabbed to death in a brawl that happened outside the gate of Bel-Air subdivision near Rockwell Center, Makati City, on Nov. 24, 2012, when he confronted a group in a car trying to convince a guard to allow them to pass through the village gate. *(PNA)*

---

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**FOURTH JUDICIAL REGIONAL**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**MULTIPLE SALA**
**IMUS, CAVITE**

**NATIONAL HOME MORTGAGE FINANCE CORPORATION, (NHMFC)**
Mortgagee,

EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER ACT 3135 AS AMENDED BY ACT 4118

-versus-

**SPS. JAMES DE JESUS CABRERA & MA. ANGELES F. CABRERA,**
Mortgagors **FC No. 16305-18**
x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by **NATIONAL HOME MORTGAGE FINANCE CORPORATION (NHMFC)**, mortgagee/assignee, with principal office at 104 Amorsolo St., Legaspi Village, Makati City against **SPS. JAMES DE JESUS CABRERA and MA. ANGELES F. CABRERA** with residence and postal address at Lakersfield Subd. Lot 32 Blk. 4, Bo. Toclong, Kawit, Cavite and/or #13-C Daguma St., Santol Quezon City to satisfy the mortgage indebtedness which as of September 30, 2017 amounts to **EIGHT HUNDRED THIRTY SIX THOUSAND FOUR HUNDRED TEN PESOS & 74/100 (Php 836,410.74)**, Philippine Currency including interest and penalty charges but excluding attorney's fees, sheriff's fees and all other charges incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff IV will sell at public auction on **June 18, 2019** at 10:00 a.m. or soon thereafter at the main Entrance of the Office of the Clerk of Court, RTC Multiple Sala, Bulwagan g Katarungan, Aguinaldo Highway, Imus, Cavite to the highest bidder, for **CASH** and in the Philippine Currency, the following property with all improvements therein, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T-514343**

"A parcel of land (Lot 32, Blk.4 of the consol. subd. plan, Pcs-042111-008660, being a portion of the consol. of lots 1&2 Psu-246995 L.R.C. Rec. No. ), sit. in the Brgy. of Toclong, Mun. of Kawit, Prov. of Cavite, Bounded on the NW., along line 1-2 by Lot 31; Blk.4 of the NWE., along line 2-3 by Lot 34, Blk. 4, on the SE., along line 3-4 by rd. Lot 4; on the SW., along line 4-1 by Lot 30, Blk.4, all of the consol. subd. plan **x x x** containing an area of **SEVENTY (70) SQUARE METERS**" **x x x**

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **June 25, 2019** at 10:00 a.m. without prior notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoyed to investigate for themselves the title to the said properties and encumbrance thereon if any there be.

Imus, Cavite, Philippines, **April 26, 2019**

**ISRAEL S. MEDINA**
Sheriff IV

APPROVED: **REGALADO E. EUSEBIO**
Clerk of Court VI
& Ex- Oficio Sheriff

**COPY FURNISHED:**
**NATIONAL HOME MORTGAGE FINANCE CORPORATION**
104 Amorsolo St. Legaspi Village,Makati City
Atty. Nestor A. Formaran
5/F Filomena Bldg., 104 Amorsolo St. Legaspi Village,Makati City

**SPS. JAMES DE JESUS CABRERA & MA. ANGELES F. CABRERA**
Lakersfield Subd. Lot 32 Blk. 4 Bo. Toclong, Kawit, Cavite
and/or #13-C Daguma St., Santol Quezon City

**Publication: HANEP** May 13, 20 and 27, 2019

---

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**MULTIPLE SALA**
**IMUS, CAVITE**

**PAG-IBIG FUND or HDMF,**
Mortgagee,

EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER ACT 3135 AS AMENDED BY ACT 4118

-versus-

**SALVACION Q. CENA,**
Mortgagors, **FC No. 16054-17**
- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by **PAG-IBIG FUND or HDMF**, mortgagee, with principal office at The Petron Mega Plaza Building, No. 358 Sen. Gil Puyat Avenue, Makati City against **SALVACION Q. CENA, single, of legal age, Filipino Citizen,** with Lot 5, Block 9, Phase 3C, Citihomes Molino, Buhay na Tubig, Imus, Cavite & Lot 10, Block 1, Phase 3C, Citihomes Molino, Bacoor, Cavite and/or #47 Catherine St., Provident Village, Marikina City, Metro Manila to satisfy the mortgage indebtedness which as of August 29, 2017 amounts to **THREE MILLION FOUR HUNDRED NINETY EIGHT THOUSAND FOURTY EIGHT PESOS & 38/100 (Php 3,498,048.38)**, Philippines Currency including interest and penalty charges but excluding attorney's fees, sheriff's fees and all other charges incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff IV will sell at public auction on **June 18, 2019** at 10:00 a.m. or soon thereafter at the main Entrance of the Office of the Clerk of Court, RTC Multiple Sala, Bulwagan ng Katarungan, Aguinaldo Highway,Imus, Cavite, to the highest bidder, for **CASH** and in Philippine Currency, the following properties with all improvements therein, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. T-796092**

"A parcel of land (Lot 5 of the subd. plan, Psd-04-086410, being a portion of Blk. 9, Psd-04-083925, LRC Rec. No.8843), situated in Brgy. of Buhay na Tubig, Mun. of Imus,Prov. of Cavite, Bounded on the NW., along line 1-2 by Rd. Lot 12, Psd.04-083925 (Existing Road 6.50 m.wide); on the NE., along line 2-3 by Lot 4 of the subd. plan; on the SE., along line 3-4 by Lot 5839-I; Fls-218-D (lot 6519, Imus Estate), Pcs-042103-007876; on the SW., along line 4-1 by Lot 6 of the subd. plan x x x containing an area of **THIRTY NINE (39) SQUARE METERS"xxx**

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **June 25, 2019** at 10:00 a.m. without prior notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said properties and encumbrances thereon if any there be.

Imus, Cavite, Philippines, **April 26, 2019**.

**ISRAEL S. MEDINA**
Sheriff IV

APPROVED: **REGALADO E. EUSEBIO**
Clerk of Court VI
& Ex- Oficio Sheriff

**COPY FURNISHED:**
**Pag-Ibig Fund or HDMF**
The Petron Mega Plaza Building,
No. 358 Gil Puyat Avenue, Makati City

**SALVACION Q. CENA**
Lot 5, Block 9 Phase 3C Citihomes Molino,
Buhay na Tubig, Imus, Cavite &
Lot 10, Block 1 Phase 3C Citihomes Molino Bacoor, Cavite
and/or #47 Catherine St., Provident Village, Marikina City

**Publication: HANEP** May 13, 20 and 27, 2019

---


## CLASSIFIED ADS

**JOJO DEMETILLA**
*Advertising Manager*
*0929-2415793*

**Upholstery**
**0947-3254064**
**Look for Rommel**

**B3W Motor Shop**
**(Maayos na serbisyo sa mababang presyo)**
**Ligtong 3, Rosario, Cavite**

**Tata Ver's Family KTV(TVFK)**
**Home of exotic pulutan**
**Located at 1337 Juan Luna St. corner Perla st.,Tondo Manila**

**MANS ALTERATION-TAILORING**
**Located at Town Plaza Noveleta,Cavite**

**SOUTH STAR PRINT CENTER**
**Alima, City of Bacoor, Cavite**
**Accepts: offset, letterpress, riso, pvc ID, all kinds of office forms.**
**We also buy and sell all kinds of printing machineries**
**Contact: (046) 434-6167**
**Cell: 0916-5397268/ 0918-6174067**

# MAG-AMA, TINARAKAN NG KAANAK DAHIL SA PANGARAL

**SUGATAN ang mag-ama nang pagsasaksakin ng kanilang kaanak matapos nagtalo dahil sa pangangaral sa Imus City, Cavite.**

Kapwa ginamot sa Medical Center of Imus si Arnel Dasalla, 40, may-asawa, chef; at anak nitong si Christian, 14, kapwa residente ng Brgy Palico 3, Imus City, dahil sa saksak sa katawan.

Naaresto naman ang suspek na si Arman Pascua, 21, dish washer at pinsan ni Arnel, at ng naturang lugar.

Sa ulat ni PCpl Jessie Villanueva, ng Imus City Police Station, dakong alas-8:30 ng gabi nang naganap ang insidente sa loob ng bahay ni Arnel kung saan dinalaw siya ng kanyang pinsan.

Nag-inuman ang dalawa at sa kalagitnaan ng kanilang inuman ay naungkat ang ginawang pangangaral ng suspek kay Christian.

"Sinita ni Arnel ang pinsan nito kung bakit pinangangaralan ang kanyang anak," ayon kay Vilanueva.

Dahil dito, nagkaroon ng mainitang pagtatalo ang dalawa hanggang sa nakakita ng kutsilyo si Arman kaya pinagsasaksak si Arnel.

Tinangka namang tumulong si Christian sa kanyang ama subalit nagpagbalingan din siya ng suspek at sinasak din ito.

Isinugod ang dalawa sa ospital habang ang suspek ay naaresto. **GENE ADSUARA**

# 356 nabbed, P12-M seized in anti-vote buying ops: PNP

**MANILA** — The Philippine National Police (PNP) seized a total of PHP12.208 million in cash during operations against vote-buying across the country.

Based on the report from January 13 to May 14, authorities also arrested 356 persons in 225 reported vote-buying incidents nationwide.

The PNP said 85 suspects have been identified but they remain at large while eight minors have been "rescued" during the police operations.

The highest number of arrests were made in Metro Manila with 136 in nine reported incidents yielding PHP541,000 in total.

Of the total amount, Caraga Region has accounted for almost PHP8 million from 10 people apprehended, followed by Northern Mindanao with PHP1.12 million from 17 people arrested and Ilocos Region where 24 suspects yielded PHP561,000.

PNP spokesperson Col. Bernard Banac said the confiscated money have been submitted to prosecutors as evidence for criminal complaints filed against the suspects.

PNP chief Gen. Oscar Albayalde on Tuesday assured that they will further strengthen their capability to address vote-buying and selling activities in the next elections.

Albayalde said unlike the past years, the PNP now is more pro-active in apprehending personalities involved in vote-buying.

Albayalde admitted that there were reports of "massive" vote-buying during the May 13, 2019 elections.

"There are several factors on vote buying. First, our elections are automated. Seemingly, the Comelec (Commission on Elections) said the VCMs (vote counting machines) are incorruptible so the tendency is for the candidates to go directly to the voters. Another is that we haven't seen any candidate getting suspended or investigated for alleged vote buying," he said.

The PNP chief, however, admitted that allegations of vote-buying are hard to prove.

For his part, DILG Secretary Eduardo M. Año lauded the Task Force Kontra Bigay composed of the Comelec, DILG, PNP, and the National Bureau of Investigation (NBI) for their concerted effort to confront head-on the menace of vote-buying in our country.

He said the arrest of hundreds of perpetrators is an important step in reducing if not eradicating this clear affront to our democracy.

"I congratulate the Comelec for its decisive leadership and we look forward to working with them in future elections in the strict implementation of our election laws," he noted.

Año said that even as voting has concluded he strongly urged the public to continue to report cases of vote-buying by filling up the standard complaint form and submitting it, together with other pieces of evidence, to the nearest Comelec, PNP, or NBI office.

"The government needs your help to strengthen our democracy. To stop the menace of vote buying, the vigilance of the public is key," he said. ***(PNA)***

# Tumodas sa dating kalive-in, timbog pagkaraan ng 16 taon

**PAGKATAPOS** ng 16 na taon na pagtatago sa ibang bansa, arestado ng Cavite police ang isang lalaki na suspek sa pagpatay sa kanyang live-in partner sa Cainta, Rizal, paglapag nito sa Ninoy Aquino International Airport (NAIIA) Terminal 3, Paranaque City.

Matapos i-turn over ng Cavite police sa place of origin, nakatakdang ipa-deport ang suspek na si Ezra Dave Gipan Maling, matapos na naaresto sa bisa ng warrant of arrest na inisyu ni Hon. Mary Josephine Lazaro, Presiding Judge, RTC Branch 74 ng Antipolo City na may petsang June 30, 2011 sa kasong murder sa sala ni Hon. Cheloy Valecaria-Garafil, Assistance Prosecutor, RTC, Antipolo City.

Sa report ng Cavite police, dakong 10:47 ng umaga nang arestuhin ang suspek habang papalapag sa NAIAA Terminal 3 sakay ng Korean Air Flight Number KE621 mula sa Los Angeles, California .Ang pagkakaaresto sa suspek ay bunsod sa tawag ng ama ng biktima na si Rebeny Grageda sa Cavite Police matapos na humingi ng tulong nang nalaman nito na babalik sa Pilipinas ang suspek.

Dahil dito, nakipag-coordinate ang Cavite Police sa Cainta police kung saan isinilbi ang Alias warrant of Arrest kay Maling.

Sa imbestigasyon ng Cainta police, si Maling ang pangunahing suspek sa pagkamatay ng kanyang live-in partner na si Gargeda noong March 17, 2003 na natagpuang patay ng anak nitong si Alexandra Pauline sa basement ng kanilang bahay sa 31 Main St., Area III, Vista Verde Country Homes, Brgy Sto Domingo, Cainta, Rizal na napuluputan ng sinturon ang kanyang leeg bago tinakpan ng unan sa mukha.

Nabatid na pinatay ni Maling ang live-in partner nito nang nabalitaan na magkakabalikan sila ng asawa nitong si Gathel Vergara. **GENE ADSUARA**

# Kadete ng PNPA, patay sa pagsasanay

**NASAWI** ang isang 4th class cadet ng Philippine National Police Academy (PNPA) nang mag-collapsed habang sumasailalim sa training exercises sa loob ng Camp General Mariano Castaneda sa Silang, Cavite.

Namatay habang ginagamot sa Qualimed Hospital sa Sta Rosa Cavite ang biktimang si Al-Rsahed Pendatum Macadato, 21, tubong Kalilangan, Bukidnon na sampung araw pa lamang sumasailalim sa New Cadet Summer Training Program.

Sa ulat, dakong alas-4:45 ng hapon nang nagsasagawa ng pagtakbo sa loob ng training ground nang nag-collapsed ito sa loob ng naturang kampo dahilan upang isugod sa ospital subalit binawian din ng buhay.

Ayon pa sa PNPA , inalis nila ang posibilidad na namatay ang biktima sa hazing kung saan nang naganap ang insidente ay sumasailaim siya sa New Cadet Summer Training Package na ipinapagawa rin sa sinumang kadete simula pa noon nakakaraang taon kung saan kabilang dito ang pagtakbo, push-ups at pull-ups.

Ayon pa sa PNPA, nakakaapekto rin sa mga kadete ang init ng panahon kaya pinayuhan ang mga ito na uminom ng 12-14 na baso ng tubig sa isang araw.

Ayon kay Police Brig. Gen Jose Chiquito Malayo, Director ng PNPA na magbibigay sila ng assistance sa pamilya ni Macadato at magsasagawa rin ng imbestigasyon kung may nagyaring mga lapses na ginagawa sa training . **GENE ADSUARA**

# HANEP

**Basahin Mo Ito!**

## KALIBRE

**ROMY SANTOS**
0977-7844136



## 'Kontra-vote buying'

**ISANG** araw (May 12) bago ang eleksiyon ay may nahuli sa akto na vote buying.

Ang nakahuli ng vote buying ay isang babaing kagawad at nakuha ang mga ebidensiya kabilang ang pera.

Malaking pera o halaga sana ang makukumpiska subalit nagawang makatakbo at makatakas ng dalawa pa.

Ang isa sa kanila ang siyang may hawak ng malaking pera na dapat ay ibabayad o ibibigay doon sa mga pangalang nakalista sa papel.

Ibig sabihin ay tatlo ang nagmamanipula ng vote buying subalit isa lamang ang nasakote ni kagawad at kanyang mga kasama.

Ilang mamamahayag mula sa iba't ibang Media entity ang nagtungo sa lugar at nakuhanan ng video at pahayag ang isang nahuli ganoon din ang listahan at pera.

Maganda sana at ilang hakbang lamang sa lugar ay may mga nakadeploy na pulis subalit hindi pinansin ang vote buying dahil kaya raw naroon sila ay dahil sa kanilang ibang operasyon.

Dinala nina kagawad ang isang nahuli sa vote buying sa isang istasyon ng pulisya.

Pero sa huli ay humantong din sila sa mismong police headquartes na sumasakop sa pinangyarihan ng vote buying.

Heto ngayon ang naging senaryo, ang kagawad at kasama nito ay mukhang mababaligtad pa.

May dumating na dalawang abogado ang nahuli sa vote buying.

Mahusay sina 'atorni dahil may mga kasong nakahanda laban kina kagawad.

Kumbaga ay counter-counter charge ang kinalabasan na ang kinahinatnan ay settlement na lamang.

Urong ang demanda nina kagawad laban sa isang nahuli sa vote buying.

Urong din ang demanda ng dalawang abogado laban kina kagawad.

Ang siste kasi kapag hindi pumayag sina kagawad ay kasama sila ng nahuli sa vote buying na madedetine sa police headquarters.

Ang tanong, sino ang talagang nasa likod ng vote buying at agad-agad ay may dalawang abogado na sumulpot para i-rescue ang isang nahuli?

Hindi na ako nagbanggit ng mga pangalan at maging ng lugar ng pinangyarihan dahil nagkasundo na ang dalawang panig.

Ang nahuli ay may binanggit na pangalan ng pulitiko na aniya ay nasa likod ng vote buying.

Kaya pala medyo mabagal o pinabagal ba ng kapulisan doon ang aksiyon ng kagawad dahil ba nasa proseso pa ng komunikasyon doon sa nakaupong pulitiko?

Kayo na po ang magtimbang-timbang ng opinyon at reaksiyon.

O hayan at may natutuhan kayo mga tiwaling kandidato o pulitiko, sa susunod na eleksiyon at paiiralin ang vote buying ay ganoon pala ang mabisa at epektibong pangontra.

Mayroon ng kontra-vote buying, hehehe.